

ROMULO S. BAQUIRAN, JR.



Sumasagi Ka

Sumasagi ka sa isip ko,
Tulad ng mga dahon ng pinong
kumakaway sa langit.
Ang lahat ay dumadako sa iyo.
Ang lahat.
Naiisip kita at nalalaman kong
ang kinaroroonan mo'y
sa kaloob-looban
ng aking katawan at kaluluwa.
Kailan kita makakapiling
nang walang pagkamuhi
sa iyong mukha?
Batid ko, di na kita kasama
sa pagbalik ko sa kaibuturan
ng pag-ibig.

Naiisip Kita

Naiisip kita,
gumigitaw ang mukha mo
nang walang babala,
tulad sa pagdaan ng hamog
sa taluktok ng kabundukan.
Bigla ang lahat ay nababalot
ng iyong alaala,
ng iyong tinig na kay-lambing,
umaaliw-iw nang walang hanggan.
Ang iyong mukha,
ang iyong mukha lamang
sa gabing walang kasingdilim,
sa gabing hinahanap ko ang anyo
ng aking kaluluwa.
Dumadalaw ako sa kabundukan
upang makita ka. Sa lilim ng mga puno,
sa lilim ng mapusyaw na langit,
na napapalamutian ng iyong mga bituin.
Ikaw lamang sa aking alaala.
Ikaw lamang sinta.

Genie

Saksi ang bote ng beer
nang magtapat ang binata
sa kapwa binata.
Narinig nito ang sagot:
“Pumakla itong beer.”

Tumigil tuloy ang mundo.
Lusaw na tanso
ang gumuhit sa lalamunan
ng mangingibig.
Tumakas ang espiritu
mula sa bote,
umalpas na parang genie
at walang tinupad
isa man sa hiling ng mangingibig:
kaibigan, pag-ibig, kaligayahan.

Usok

Lumalagitik ang bawat salita
sa ngatngat ng apoy:
nauubos ang katawan
ng mga kinalingang hinanakit,
umaasa akong ang alaala'y
mag-ulyanin sa udyok
ng nangsasalab na asap,
ng nang-aabong init.

Sa wakas, panahon ito
na ang aking bukbuking baul
ng gapok na mga sulat
ay mailantad sa liwanag
at mapilian ng takaw-apoy na papel.
Ipapakain ko ang mga salita
sa dibdib ng apoy
at nang dito'y magkapuwang
ang mga sumisibol
na bagong pagmamahal.

LOUIE JON.A. SANCHEZ



Pagbati II

*A 120-year old statue of the Virgin Mary
standing at the French Hospital in Bethlehem
became a casualty of war when it was badly hit
by Israeli fire—Reuters*

Sa bayan ni David,
Walang kinikilalang batas ang bala kundi pasulong.
Wala itong sinisino, lalo na sa mga ganitong labanan
Ng dalawang lahing sintanda na ng mga tipak ng bato
Sa dakilang pader ng templo. Kahit na ang Birhen.
Ang Birheng nakabukad na rosas ang mga palad
At nakasisilaw ang sinag ng pagbabasbas
Sa mga batang buhat-buhat ng kanilang inang
Nagtatakbuhan upang huwag maabutan
Ng bagwis ng bala. Marami na sa kanila
Ang naulila at ang tanging manunubos
Ay balabal ng Birhen, Ina ng Diyos,
Sa tuwing sumisilong sila rito sa pag-ulan
Ng karaniwan at nakasanayang paglusob
Ng mga bala ng magkakalaban.

Sa pahayagan, nakatanghal
Ang kasalanan ng bala—basag ang maamong
Mukha ng Birhen at tila kailanma'y hindi binisita
Ng Arkanghel. Basag ang kanang dibdib Niya
Na nagbigay-buhay sa dakilang musmos

Ng Bethlehem. Wala nang sinag na tumatagos
Sa kaluluwa mula sa mga palad na dating nakabukad
Na rosas. Ang Kanyang labing panalangin at pananalig
Ang sinasambit ay umaawit ng digmaan.
Basag din ang Kanyang tagiliran, ang puson
Na kalinis-linisang hinahagkan ng asul,
Ang banal na brasong nagbuhat ng banga ng alak
Sa isang kasalan sa Canaan, at ang kanyang balikat.
Ang balikat na puspos ng karangalan, sa larawan
Ay mistulang pagsalo sa lahat ng kasalanan.

Nakatayo pa rin naman ang Birhen sa Bethlehem,
Sa kabila nito. Hindi matinag-tinag ng pangangaligkig
Ang pagkapuspos sa biyaya. Pinahuhupa ang pagligwak
Ng tuluyang pagkawasak ng banal na bayan,
Sa pamamagitan ng mga matang mistulang binulag
Subalit may di mapulbos-pulbos na liwanag.

Fakhra

Si Fakhra Yunas, 21, Pakistani, ay kasal sa isang mayamang taga-Lahore. Matapos ang tatlong taon na pagtitiis sa pambubugbog ng kanyang asawa, tumakas siya at nagpakalayo. Hinanap siya nito at nang matagpuan ay sinabuyan ng asido sa mukha, bilang ganti. Sa pagkakalapnos ng kanyang mukha, matagal-tagal din siyang hindi nakaharap sa salamin. Ngayon, isa na siya sa mga tagapanguna ng kilusang pangkababaihan sa Pakistan at naghihintay ng pagsisimula ng mga operasyon sa kanyang mukha sa Italya.

*She stared at the paintings but took pains
to avoid all those mirrors, explaining
that she was afraid of herself.*

—Time Magazine

Ang lagim sa salamin ay bumabasag
Sa iyong kaluluwa, di tulad ng mga nakahubad
Na babae sa kuwadro't walang pangambang
Nakabukad ang makukulay na pakpak.

Sa tuwing susubuking tingnan ang sarili
Ay sinasabi mong mabuti pang magkubli:
Ako'y hindi na mukhang tao.
Ang mukhang ito ay kulungan
Sa panghabampanahon.

Multong bangon nang bangon ang kasalanan
Sa iyong mukha. Bumabalong ang dagta
Ng alaala ng umagang balot na balot ka sa kumot
At malayung-malayo sa salimuot ng kamao
Ng kabiya. Ang himig ng hangin ay katahimikan,
Matapos ang walang-patlang na pag-iyak.

Limang araw na mula nang iyong takasan
 Ang tahanang bilangguan. Ang tatlong taong
 Pagsalo sa bugbog ay bubog na bumabaon
 Sa kaibuturan. Ang bawat unday ng suntok
 Ay lalo pang paglalim ng mga sugat. Tumitikom
 At tumitilapon ang lahat ng paghihimutok,
 Sa tuwing dinadagit ka ng kamao't bumabangga
 Sa kahit saang sulok ng tirahan.

Ang paglaya pala'y pagkakapiit sa panibagong sumpa.

Sa pagkakahimbing ay napamulagat ka
 Sa nang-uusig na kamao, walang sinasanto
 (Fakhra, bahagi ng naunang saknong)
 Kahit ang nakapinid nang pinto.
 Ang boses niya'y dumadagundong at nayanig
 Ang buong silid. Fakhra! Fakhra! Fakhra!
 Ang pangyayari'y mabilis na bumaybay
 Sa iyong paningin: nakapasok siya't isinaboy
 Ang asido sa iyong mukha. Nang piling
 Siya'y habulin, natutunaw na ang iyong damit
 At nalalapnos na ang balat.

Hubad na buhad kang nawalan ng ulirat.

Ngayo'y nagkakasya ka na lamang
 Sa pagtitig sa mga kuwadro—
 Lumululan ang iyong mga mata
 Sa likod ng mga ada sa larawan
 Habang tinatawid nila ang kapatagan
 Ng paglaya. Nagsasayawan sila
 Paminsan-minsan at kung mahapo man
 Ay lumilisan at humahanap
 Ng kanlungan.

Tulad nila, makatawid ka rin kayang tuluyan?

CHRISTINE ALINDADA



The Tyranny of your Memories

I asked if I had any space in your life.
You said: "You have plenty of space in my heart,"
Even before the question, I knew that already,
as the walls close in a little more each day.

It gets cold and lonesome
in the confines of your heart,
where my screams go unheard.

Always in motion, never in action,
the me who isn't me dances for you,
showers you with kisses at your command.
Your love becomes a gentle cruelty.

Be with the Blood and Bone woman that I am,
Not the simulacrum you call your Princess.
Let me out in the sunshine where you and I belong.